Australia's Disability Strategy 2021–2031

Creating an inclusive community together

Filipino | Tagalog

# Pahayag ng Itinakdang Mga Plano ng Aksyon

**Ika-1 ng Hulyo 2022 hanggang ika-30 ng Hunyo 2023**

*Istratehiya sa May-Kapansanan ng Australya 2021-2031 (Australia's Disability Strategy 2021-2031)*

Itong dokumento, Pahayag ng Itinakdang Mga Plano, (Targeted Action Plans Report), Ika-1ng Hulyo 2022 hanggang ika-30 ng Hunyo 2023, Ang Istratehiya sa May-Kapansanan ng Australya 2021-2031 (Australia's Disability Strategy 2021-2031) ay lisensyado sa ilalim ng Pagpapatungkol ng Creative Commons 4.0 International License, na may pagbubukod ng:

- Australia's Disability Strategy 2021-2031 na logo at pagtatatak
- Anumang materyal ng ikatlong partido
- Ang lahat ng mga imahe at/o mga litrato.

Ang karagdagang impormasyon nitong CC By license ay nakatakda sa website ng Creative Commons: **https://creativecommons.org/licenses/by/4.0/legalcode**

**Pagpapatungkol**
Ang paggamit ng buo o bahagi nitong dokumento ay dapat may kasamang sumusunod na pagpapatungkol:
© Commonwealth of Australia (Department of Social Services) 2023

Anumang mga pagtatanong tungkol sa mga kaayusan ng kopirayt at anumang paggamit nitong impormasyon ay maaaring ipadala sa Kagawaran ng Mga Serbisyong Sosyal (Department of Social Services):

Sa email: **communication@dss.gov.au**

Sa koreo: Corporate Communications and Media Relations Branch
Kagawaran ng Mga Serbisyong Sosyal (Department of Social Services),
GPO Box 9820, Canberra ACT 2601

# Mga Nilalaman


**Panimula** ... 2

**Pambansang Progreso** ... 4

**Ang Itinakdang Plano ng Aksyon sa Pagkaka-empleyo** ... 8

**Itinakdang Plano ng Aksyon sa Mga Inuugali ng Komunidad (Community Attitudes Targeted Action Plan)** ... 12

**Itinakdang Plano ng Aksyon sa Kamusmusang Panahon (Early Childhood Targeted Action Plan)** ... 16

**Itinakdang Plano ng Aksyon sa Kaligtasan (Safety Targeted Action Plan)** ... 20

**Itinakdang Plano ng Aksyon sa Pangangasiwa ng Emerhensya (Emergency Management Targeted Action Plan)** ... 24

**Mga Aksyon na Pinapagana** ... 28

- Ang mga Empleyadong may kapansanan sa pampublikong sektor ng Queensland ... 29
- Mga Pagsubok sa Pagkaka-empleyo (Employment Pilots) ... 30
- Komisyonado ng May-Kapansanan ng Tasmania (Tasmanian Disability Commissioner) ... 31
- Naiibang Pag-unlad na workshop ng pagmamagulang ... 32
- Ang programang Sentro ng Aborihinal na Anak at Pamilya (Aboriginal Child and Family Centre) (ACFC) ... 33
- Suporta sa Pag-uugali at pagbawas at pag-aalis ng mga mahigpit na pagsasaway ... 34
- Mga Pagpupulong sa Pangangasiwa ng Emerhensya (Emergency Management Meetings) na maging kasamang mapabilang ang mga tagapagbigay ng serbisyo sa may-kapansanan ... 35
- Inisyatiba ng Pagresponde sa Krisis ng Karahasan sa Pamilya ng May-Kapansanan (Disability Family Violence Crisis Response Initiative) ... 36
- Madaling lapitan na Kanlungan Tirahan at Suporta (Accessible Refuge Accommodation and Support) ... 37
- Ang Programang Pamamagitan ng ACT (ACT Intermediary Program) ... 38
- Programang Kasamang Kabilang ang May-Kapansanan sa Pagbabawas ng Panganib sa Sakuna (Disability Inclusive Disaster Risk Reduction program) ... 39

**Pangkalahatang ideya ng progreso simula noong ika-3 ng Disyembre 2021** ... 40

# Panimula

***Ang Istratehiya sa May-Kapansanan ng Australya 2021-2031 (Australia's Disability Strategy 2021-2031)* (ADS) ay nagtatakda ng isang plano na magpapabago sa mga buhay ng mga taong may-kapansanan sa mahigit na 10 taon.**

**Sa ilalim ng ADS, ang Itinakdang Mga Plano ng Aksyon (Targeted Action Plans) (TAPs) ay naglalapat ng isang masinsinang pokus ng mahigit sa isa hanggang 3 taon upang maabot ang mga natatanging paghahatid na magpapahusay sa mga resulta para sa mga taong may-kapansanan.**

**Ang bawat TAP ay ipinag-utos at sinang-ayunan ng lahat ng mga ministro sa may-kapansanan ng Australya at kinabibilangan ng isang serye ng mga itinakda at pinagtugmang aksyon mula sa mga pamahalaan.**

**Ito ang ikalawang taunang pahayag ng mga TAP. Pinangangatawanan nito ang progresong iniulat doon sa unang taon ng ADS at sinasaklaw ang panahong mula ika-1 ng Hulyo 2022 hanggang ika-30 ng Hunyo 2023.**

**Habang itong nakatakdang mga TAP ay nagkamit ng ilang mga positibong mga resulta, may ilang mga aksyon na nag-uulat ng mga pagkaantala.**

**Ang susunod na pahayag ng mga TAP ay siyang magiging pinal para dito sa nakatakdang mga TAP. Ang Pamahalaang Australya (Australian Government), na may pakikipagtulungan ng mga pamahalaan ng estado at teritoryo ay nagsimula na ng mga trabaho upang isaalang-alang ang susunod na nakatakdang mga TAP.**

Ang 5 Itinakdang Mga Plano ng Aksyon (Targeted Action Plans) (TAPs) ay inilunsad kasama ang ADS, noong ika-3 ng Disyembre 2021 ay:

- **Pagkaka-empleyo**
- **Mga Inuugali ng Komunidad**
- **Kamusmusang Panahon**
- **Kaligtasan**
- **Pangangasiwa ng Emerhensya**

### Pagpapahayag sa mga TAP

Sa ilalim ng ADS, ang lahat ng mga pamahalaan ay nakapangakong maghahatid ng mas malawakan at nakikitang pag-uulat upang matiyak na may mas malawak na kalinawan at pananagutan sa pagpapahusay ng mga buhay ng mga taong may-kapansanan.

Ang taunang pahayag sa mga TAP ay nagbibigay ng isang update sa progreso ng mga ginagawa ng mga pamahalaan upang ipatupad at ipasulong ang mga aksyon sa TAP at ang mga pagtatagumpay. Ang pahayag ng TAP ay taunang inilalathala nakabatay sa taon na pinansyal alinsunod sa mga kinakailangan sa pinahusay na pag-uulat sa ilalim ng ADS.

Ang unang taunang pahayag sa mga TAP (Unang Pahayag ng mga TAP) (1st TAPs Report), ay inilathala noong ika-25 ng Nobyembre 2022 at sinasaklaw ang panahon na magmula noong inilunsad, ika-3 ng Disyembre 2021 hanggang ika-30 ng Hunyo 2022.

### Ang Pahayag

Pinangangatawanan ng ikalawang taunang pahayag sa mga TAP (2nd TAPs Report) ang progresong iniulat doon sa unang taon ng ADS at sinasaklaw ang panahong mula ika-1 ng Hulyo 2022 hanggang ika-30 ng Hunyo 2023. Ang mga update ay ibinigay sa lahat ng kabuuang mga pamahalaan, estado at teritoryo na may kasamang mga pinakamahusay na bahagi sa ilang mga aksyon.

Ang Pahayag ay binubuo ng dalawang dokumento; ang ikalawang pahayag ng mga TAP at ang isang kapupunan (appendix).

Ang ikalawang pahayag ng mga TAP ay nagbibigay ng isang panghalahatang-ideya, mga datos at talangguhit (chart). Kinabibilangan din ito ng ilang mga halimbawa upang ipakita kung paano ipinatutupad at sumusulong ang mga aksyon. Kabilang din sa pahayag ang isang maikling pangkalahatang-ideya tungkol sa progreso magmula nang inilunsad ang ADS (panahong Disyembre 2021 hanggang Hunyo 2023).

Ipinapakita ng Kapupunan (Appendix) ang katayuan ng progreso noong ika-30 ng Hunyo 2023 at ang isang update para sa bawat isa sa 374 na mga natitirang aksyon upang tukuyin kung paano sumusulong ang aksyon:

| | |
|---|---|
| Nakumpleto | Nakumpleto ang aksyon sa pagitan ng ika-1 ng Hulyo 2022 at ika-30 ng Hunyo 2023. |
| Sumusulong | Ang aksyon ay sumusulong ng ayon sa mga plano. |
| May ilang pagkaantala | Ang aksyon ay kasalukuyang nangyayari ngunit nahuhuli ang takbo nito sa orihinal na iskedyul. |
| Pansamantalang nakahinto | Ang aksyon ay alinman sa naumpisahan na o uumpisahan pa lang ngunit pansamantalang inihinto. |
| Mag-uumpisa sa hinaharap | Ang aksyon ay magsisimula makalipas ang ika-30 ng Hunyo 2023 |
| Hindi na Nauugnay | Ang aksyon ay nakumpleto na pagsapit ng ika-30 ng Hunyo 2022. |

Kinabibilangan din ang kapupunan (appendix) ng katayuan ng mga aksyon mula sa unang Pahayag ng mga TAP bilang isang paghahambing. Ang lahat ng mga aksyon ay iniugnay sa nauukol na Prayoridad na Patakaran (Policy Priority) sa ADS.

Ang karagdagang impormasyon sa ADS, kabilang ang mga TAP, ay makukuha sa: **www.disabilitygateway.gov.au/ads**

# Pambansang Progreso

Ang pokus ng pahayag, ang 2022-2023 na panahon ng pag-uulat, ay nakasentro sa progreso ng 374 na mga aksyon na natitira (hindi pa nakumpleto) mula noong 2021-2022 na panahon ng pag-uulat. Habang ang progreso ng mga aksyon para sa panahong ito ng pag-uulat ay nagpapakita ng pagtaas ng mga nakumpletong aksyon kung ikukumpara sa panahon ng pag-uulat noong 2021-2022, may dalawang mga TAP na ang mga aksyon ay nakaranas ng ilang pagkaantala o pansamantalang ipinahinto.

**Sa isang sulyap, ang pambansang progreso sa lahat ng kabuuang 5 na mga TAP na binubuo ng 374 na mga natitirang aksyon sa panahon ng pag-uulat para sa 2022-2023 ay nagpapakita ng:**

- **310 (83%)** na mga aksyon ay naiulat na nakumpleto o nasa tamang iskedyul na may:
  - **101 (27%)** ang mga nakumpletong aksyon, at
  - **209 (56%)** na mga aksyon ang nasa tamang iskedyul.
- **64 (17%)** na mga aksyon ang naiulat na dumaranas ng ilang mga pagkaantala, na inihinto o nagkaroon ng panimulang petsa sa hinaharap.

**Ang mga sumusunod na nasasakupan ay may nakatalang mga sumusunod na resulta:**

- Ang Australian Capital Territory ang may pinakamataas na mga nakumpletong aksyon na may **58%**
- Ang Northern Territory ang may pinakamataas na nasa tamang iskedyul na mga aksyon na may **79%**
- Ang Victoria at Western Australia ay nagtala ng isang porsiyento ng nakumpleto at ang mga aksyon na nasa tamang oras ng iskedyul ang nasa **96%** at **97%** sa pagkakasunod
- Ang Pamahalaang Australya at New South Wales ang may pinakamataas na porsiyento ng ilang mga pagkaantala at inihintong mga aksyon na may **31%** at **35%** sa pagkakasunod.

May natukoy sa mga nasasakupan na ang ilang mga pagkaantala o pagkahinto ay dahil sa patuloy na epekto galing sa naunang mga problema sa pagkaantala katulad ng COVID-19 o naghihintay ng mga resulta sa mga pagrerepaso katulad ng Maharlikang Komisyonado sa Karahasan, Pang-aabuso, Kapabayaan at Pagsasamantala sa Mga Taong May-Kapansanan (Royal Commission into Violence, Abuse, Neglect and Exploitation of People with Disability) at ang mga repaso ng NDIS. Ang iba pang mga dahilan sa pagkaantala at pagkahinto na mga askyon ay maaaring ipagpalagay sa mga pagbabago ng iskedyul upang maihanay sa iba pang mga trabahong ginagawa ng pamahalaan katulad ng Pambansang Istratehiya sa Autismo at Istratehiya sa Maagang mga Taon (National Autism Strategy and Early Years Strategy); at sa ilang mga kaso ay dahil sa natatagalan kumpara sa inaasahan na pakikipag-ayos ng mga puwesto at makakuha ng mga kasunduan upang magbahagi ng mga datos sa pagitan ng mga nasasakupan.



# Pambansang Progreso

Para sa kapanahunang ika-1ng Hulyo 2022 hanggang sa ika-30 ng Hunyo 2023, ang karamihan sa mga TAP ay may 80% o mahigit na ang kanilang mga aksyon ay naiulat bilang nakumpleto na o nasa tamang iskedyul noong kapanahunan ng pag-uulat. Ang Pangasiwaan ng Emerhensya na TAP (Emergency Management TAP) ang mayroong pinakamataas na kasukat na nakumpleto at ang nasa tamang iskedyul na mga aksyon na may 93%. Habang ang Kaligtasan na TAP (Safety TAP) ang may pinakamababang kasukat ng nakumpleto at nasa tamang iskedyul na may 74%, ito ang pangalawa sa may pinakamataas na mga nakumpletong aksyon na may 29%.

**Table 1: Ang progreso ng aksyon ng mga TAP para sa panahong 2022-2023 na pag-uulat**

| Pamahalaan | Nakumpleto | Sumu-sulong | May ilang pagkaantala | Inihinto pan-samantala | Sisimulan sa hinaharap | Kabuuan |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Pamahalaang Australya | 12 | 23 | 16 | 1 | 2 | 54 |
| NSW | 3 | 25 | 12 | 3 | 0 | 43 |
| VIC | 18 | 30 | 2 | 0 | 0 | 50 |
| QLD | 14 | 28 | 4 | 0 | 0 | 46 |
| WA | 10 | 20 | 1 | 0 | 0 | 31 |
| SA | 13 | 31 | 7 | 2 | 1 | 54 |
| TAS | 5 | 13 | 8 | 0 | 0 | 26 |
| ACT | 21 | 12 | 3 | 0 | 0 | 36 |
| NT | 5 | 27 | 1 | 1 | 0 | 34 |
| **Kabuuan** | **101** | **209** | **54** | **7** | **3** | **374** |
| **Porsyento** | **27%** | **56%** | **14%** | **2%** | **1%** | |

**Table 2: Ang progreso ng 374 na mga aksyon ng TAP at ang katayuan para sa panahon ng 2022-2023 na pag-uulat**


| TAP | Nakum-pleto na | Sumu-sulong | May ilang pagkaantala | Inihinto pan-samantala | Sisimulan sa hinaharap | Kabu-uan |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Pagkaka-empleyo | 17 | 47 | 9 | 0 | 0 | 73 |
| Mga Inuugali ng Komunidad | 20 | 33 | 10 | 0 | 0 | 63 |
| Kamusmusang Panahon | 20 | 43 | 7 | 3 | 1 | 74 |
| Kaligtasan | 34 | 52 | 25 | 4 | 2 | 117 |
| Pangangasiwa ng Emerhensya | 10 | 34 | 3 | 0 | 0 | 47 |
| **Kabuuan** | **101** | **209** | **54** | **7** | **3** | **374** |
| **Porsyento** | **27%** | **56%** | **14%** | **2%** | **1%** | |

Tandaan: Ang mga porsiyento ay hindi magsusuma-total ng 100 dahil sa pagbubuo ng kwenta (rounding off).


## Gabay: Progreso ng Pambansang TAP 2022-2023 (National TAP Progress 2022–2023)

- Nakumpleto
- Sumusulong
- May ilang pagkaantala
- Inihinto pansamantala
- Sisimulan sa hinaharap

**Tsart 1:** **Ang progreso ng aksyon ng mga TAP para sa panahong 2022-2023 na pag-uulat**




**Tsart 2: Ang progreso ng 374 na mga aksyon ng TAP at ang katayuan para sa panahon ng 2022-2023 na pag-uulat**



# Ang Itinakdang Plano ng Aksyon sa Pagkaka-empleyo

## Panimula

Ang TAP ng Pagkaka-empleyo ay nakadisenyong magtulak ng progreso sa ilalim ng Lugar ng Resulta sa Kasiguraduhan sa Pagka-empleyo at Seguridad sa Pinansya (Employment and Financial Security Outcome Area) ng ADS.

Ang pakay ng Lugar ng Resulta ay upang tiyakin na ang mga taong may-kapansnan ay magkaroon ng seguridad sa pinansya, na mabigyang kakayahan sila para magplano sa hinaharap at gamitin ang kakayahang makapamili at makontrol ang kanilang mga buhay.

Ang mahalagang bahagi ng seguridad sa pinansya ay ang pagkaka-empleyo at itong TAP ang may mahalagang maidudulot dito sa lugar ng resulta.

Sa ilalim ng TAP na Pagkaka-empleyo (Employment TAP), mayroong 73 na mga aksyon sa kabuuang mga pamahalaan ng Australya, estado at teritoryo ang iniulat para sa panahon ng 2022-2023.

Kabilang dito ang mga aksyon na maghahatid ng mga pagsubok sa pagkaka-empleyo (employment pilots) para mag-ugnay sa mga taong may-kapansanan sa mga lugar na may kakulangan sa mga kasanayan, magtrabaho para palakasin ang pagkaka-empleyo ng may-kapansanan sa mga pampublikong serbisyo at magtulak ng pagpapahusay sa mga programa ng pagkaka-empleyo.

## Mga layunin

1. **Pataasin ang pagkaka-empleyo ng mga taong may-kapansanan.**
2. **Paghusayin ang transisyon ng mga kabataang may-kapansanan mula sa edukasyon patungo sa pagkaka-empleyo.**



# TAP ng Pagkaka-empleyo

**Table 3: TAP ng Pagkaka-empleyo – progreso sa mga aksyon ayon sa pamahalaan ng taong 2022 - 2023**

| Pamahalaan | Nakumpleto | Sumu-sulong | May ilang pagkaantala | Inihinto pan-samantala | Sisimulan sa hinaharap | Kabuuan |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Pamahalaang Australya | 2 | 5 | 2 | 0 | 0 | 9 |
| NSW | 0 | 4 | 2 | 0 | 0 | 6 |
| VIC | 5 | 12 | 1 | 0 | 0 | 18 |
| QLD | 3 | 6 | 0 | 0 | 0 | 9 |
| WA | 1 | 5 | 1 | 0 | 0 | 7 |
| SA | 1 | 7 | 2 | 0 | 0 | 10 |
| TAS | 2 | 1 | 1 | 0 | 0 | 4 |
| ACT | 3 | 2 | 0 | 0 | 0 | 5 |
| NT | 0 | 5 | 0 | 0 | 0 | 5 |
| **Pambansang Kabuuan** | **17** | **47** | **9** | **0** | **0** | **73** |


**Table 4: TAP ng Pagkaka-empleyo – progreso sa mga aksyon ayon sa layunin ng taong 2022-2023**

| Layunin | Nakumpleto | Sumu-sulong | May ilang pagkaantala | Inihinto pan-samantala | Sisimulan sa hinaharap | Kabuuan |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Layunin 1 | 12 | 28 | 8 | 0 | 0 | 48 |
| Layunin 2 | 5 | 19 | 1 | 0 | 0 | 25 |
| **Pangkalahatan** | **17** | **47** | **9** | **0** | **0** | **73** |


## Gabay: Progreso ng TAP sa Pagkaka-empleyo (Employment TAP Progress)

- Nakumpleto
- Sumusulong
- May ilang pagkaantala
- Inihinto pansamantala
- Sisimulan sa hinaharap

**Tsart 3:** **TAP ng Pagkaka-empleyo – progreso sa mga aksyon ayon sa pamahalaan ng taong 2022 - 2023**




**Tsart 4:** **TAP ng Pagkaka-empleyo – progreso sa mga aksyon ayon sa layunin ng taong 2022-2023**



# Itinakdang Plano ng Aksyon sa Mga Inuugali ng Komunidad (Community Attitudes Targeted Action Plan)

## Panimula

Ang TAP ng Mga Inuugali ng Komunidad ay nakadisenyo upang magtulak ng progreso sa ilalim ng Lugar ng Resulta sa Mga Inuugali ng Komunidad (Community Attitudes Outcome Area) ng ADS.

Pakay nitong Lugar ng Resulta ang pagtitiyak na ang mga inuugali ng komunidad ay napahusay at binibigyang kakayahan ang mga taong may-kapansanan na magkaroon ng lubusang pagkakapantay-pantay, mapabilang at pakikilahok sa lipunan.

Sa ilalim ng TAP ng Inuugali ng Komunidad (Community Attitudes TAP), mayroong 63 na mga aksyon sa kabuuang mga pamahalaan ng Australya, estado at teritoryo na iniulat sa panahon ng 2022-2023.

Kabilang dito ang mga aksyon na maglilinang ng kumpiyansa sa may-kapansanan sa mga mahahalagang propesyonal, maghahatid ng mga aktibidad sa pakikipag-ugnayan ng komunidad at edukasyon at magsagawa ng mga mapagkukunan sa pagsasanay para sa mga kawani sa pangharapang-opisina na mapahusay ang kanilang pagkakaintindi sa may-kapansanan.

## Mga layunin

1. **Pahalagahan ng mga taga-empleyo ang kontribusyong nagagawa ng mga taong may-kapansanan sa pwersa ng trabaho at kilalanin ang mga benepisyo sa pag-eempleyo ng mga taong may-kapansanan.**
2. **Makayanan ng mga mahahalagang pwersa ng trabahong propesyonal ang may kumpiyansa at positibong pagresponde sa mga taong may-kapansanan.**
3. **Pagpaparami ng kumakatawan sa mga taong may-kapansanan sa mga pagganap ng papel sa pamumuno.**
4. **Pagpapahusay ng mga inuugali ng komunidad upang positibong makaapekto sa Mga Prayoridad na Patakaran (Policy Priorities) sa ilalim ng Istratehiya.**



# TAP ng Mga Inuugali ng Komunidad

**Table 5: TAP ng Mga Inuugali ng Komunidad (Community Attitudes TAP) – progreso ng mga aksyon ayon sa mga pamahalaan sa taong 2022-2023**

| Pamahalaan | Nakumpleto | Sumu-sulong | May ilang pagkaantala | Inihinto pan-samantala | Sisimulan sa hinaharap | Kabuuan |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Pamahalaang Australya | 2 | 1 | 0 | 0 | 0 | 3 |
| NSW | 0 | 8 | 2 | 0 | 0 | 10 |
| VIC | 3 | 6 | 1 | 0 | 0 | 10 |
| QLD | 6 | 6 | 0 | 0 | 0 | 12 |
| WA | 1 | 2 | 0 | 0 | 0 | 3 |
| SA | 1 | 3 | 1 | 0 | 0 | 5 |
| TAS | 1 | 0 | 4 | 0 | 0 | 5 |
| ACT | 5 | 3 | 2 | 0 | 0 | 10 |
| NT | 1 | 4 | 0 | 0 | 0 | 5 |
| **Pambansang Kabuuan** | **20** | **33** | **10** | **0** | **0** | **63** |


**Table 6: Mga Inuugali ng Komunidad – progreso ng mga aksyon ayon sa layunin ng taong 2022-2023**

| Layunin | Nakumpleto | Sumu-sulong | May ilang pagkaantala | Inihinto pan-samantala | Sisimulan sa hinaharap | Kabuuan |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Layunin 1 | 2 | 5 | 0 | 0 | 0 | 7 |
| Layunin 2 | 4 | 10 | 4 | 0 | 0 | 18 |
| Layunin 3 | 4 | 3 | 0 | 0 | 0 | 7 |
| Layunin 4 | 10 | 15 | 6 | 0 | 0 | 31 |
| **Pangkalahatan** | **20** | **33** | **10** | **0** | **0** | **63** |


## Gabay: Progreso ng TAP sa Mga Inuugali ng Komunidad (Community Attitudes TAP Progress)

- Nakumpleto
- Sumusulong
- May ilang pagkaantala
- Inihinto pansamantala
- Sisimulan sa hinaharap

**Tsart 5: TAP ng Mga Inuugali ng Komunidad (Community Attitudes TAP) – progreso ng mga aksyon ayon sa mga pamahalaan sa taong 2022-2023**




**Tsart 6: Mga Inuugali ng Komunidad – progreso ng mga aksyon ayon sa layunin ng taong 2022-2023**



# Itinakdang Plano ng Aksyon sa Kamusmusang Panahon (Early Childhood Targeted Action Plan)

## Panimula

Ang TAP ng Kamusmusang Panahon (Early Childhood TAP) ay nakadisenyo upang magtulak ng progreso sa ilalim ng Kalusugan at Kagalingan; Edukasyon at Pagkakatuto; (Health and Wellbeing; Education and Learning); Mga Mapapabilang na Tahanan at Komunidad (Inclusive Homes and Communities); at Mga Lugar ng Resulta ng Suportang Pangpersonal at Pangkomunidad (Personal and Community Support Outcome Areas) ng ADS.

Ayon sa pagkakabanggit, layunin nitong Mga Lugar ng Resulta (Outcome Areas) na tiyaking maabot ang pinakamataas at posibleng mga resulta sa kalusugan at kagalingan ng mga taong may-kapansanan sa kanilang mga buong buhay;  makamit ang kanilang lubos na potensyal sa pamamagitan ng edukasyon at pagkakatuto; manirahan sa kumprehensibo, naa-access at maayos na pagkadisenyong mga bahay at komunidad; at magkaroon ng pag-access sa hanay ng mga suporta upang matulungan silang mamuhay nang nagsasarili at nakikilahok sa kanilang mga komunidad.

Sa ilalim ng TAP ng Panahon ng Kamusmusan (Early Childhood TAP), mayroong 74 na mga aksyon sa kabuuang mga pamahalaan ng Australya, estado at teritoryo na iniulat para sa panahong 2022-2023.

Kabilang dito ang mga aksyon na magbubuo ng mapagkukunan, pagtatatag ng mga grupo ng pagsusuporta sa mga magkapantay na grupo, pagsusuporta sa mga magulang at tagapag-alaga at pagpapasulong ng mga kumprehensibong mga kagawian sa bago pa mag-eskwela (kindergarten) at edukasyon at pangangalaga noong kamusmusang panahon.

## Mga layunin:

1. **Bigyang kakayahan ang maagang pagtutukoy ng kapansanan o mga pag-aalala sa pagkalinang (developmental) at magbuo ng mas malinaw na pamamaraan at napapanahong pag-access sa mga nababagay na suporta.**
2. **Palakasin ang kakayahan at kapasidad ng mga mahahalagang serbisyo at sistema upang masuportahan ang mga magulang at tagapag-alaga na makagawa ng may-alam na pagpapasya tungkol sa kanilang anak.**
3. **Hikayatin ang mas malakas na damdaming napapabilang at magbigay ng mga pagkakataon para sa mga magulang, tagapag-alaga at mga kabataan na magtatag ng mga ugnayan ng magkakagrupo (peer network), kasama na ang para sa mga Aborihinal at ang mga taga-islang Torres Strait at mga taong nagmula sa magkakaiba-ibang kinagisnang wika at kultura na mga magulang at tagapag-alaga.**



# TAP ng Kamusmusang Panahon (Early Childhood TAP)

**Table 7: TAP ng Kamusmusang Panahon (Early Childhood TAP) – progreso ng mga aksyon ayon sa pamahalaan sa taong 2022-2023**

| Pamahalaan | Nakumpleto | Sumu-sulong | May ilang pagkaantala | Inihinto pan-samantala | Sisimulan sa hinaharap | Kabuuan |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Pamahalaang Australya | 3 | 3 | 4 | 1 | 0 | 11 |
| NSW | 1 | 2 | 0 | 2 | 0 | 5 |
| VIC | 2 | 2 | 0 | 0 | 0 | 4 |
| QLD | 2 | 7 | 0 | 0 | 0 | 9 |
| WA | 1 | 4 | 0 | 0 | 0 | 5 |
| SA | 7 | 6 | 1 | 0 | 1 | 15 |
| TAS | 1 | 3 | 2 | 0 | 0 | 6 |
| ACT | 2 | 3 | 0 | 0 | 0 | 5 |
| NT | 1 | 13 | 0 | 0 | 0 | 14 |
| **Pambansang Kabuuan** | **20** | **43** | **7** | **3** | **1** | **74** |


**Table 8: TAP ng Kamusmusang Panahon (Early Childhood TAP) – progreso ng mga aksyon ayon sa mga layunin sa taong 2022-2023**

| Layunin | Nakumpleto | Sumu-sulong | May ilang pagkaantala | Inihinto pan-samantala | Sisimulan sa hinaharap | Kabuuan |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Layunin 1 | 9 | 17 | 2 | 2 | 1 | 31 |
| Layunin 2 | 9 | 17 | 2 | 1 | 0 | 29 |
| Layunin 3 | 2 | 9 | 3 | 0 | 0 | 14 |
| **Pangkalahatan** | **20** | **43** | **7** | **3** | **1** | **74** |


## Gabay: Progreso ng TAP sa Panahon ng Kamusmusan (Early Childhood TAP Progress)

- Nakumpleto
- Sumusulong
- May ilang pagkaantala
- Inihinto pansamantala
- Sisimulan sa hinaharap

**Tsart 7: TAP ng Kamusmusang Panahon (Early Childhood TAP) – progreso ng mga aksyon ayon sa pamahalaan sa taong 2022-2023**




**Tsart 8: TAP ng Kamusmusang Panahon (Early Childhood TAP) – progreso ng mga aksyon ayon sa mga layunin sa taong 2022-2023**



# Itinakdang Plano ng Aksyon sa Kaligtasan (Safety Targeted Action Plan)

## Panimula

Ang TAP sa Kaligtasan (Safety TAP) ay nakadisenyong magtulak ng progreso sa ilalim ng Lugar ng Resulta sa Kaligtasan, Mga Karapatan at Hustisya (Safety, Rights and Justice Outcome Area) ng ADS.

Layunin ng Lugar ng Resulta na tiyaking ang mga karapatan ng mga taong may-kapansanan ay naisusulong, naitataguyod at napoproteksyunan, at nakakadama ang mga taong may-kapansanan ng kaligtasan at nagtatamasa ng pagkakapantay-pantay sa mata ng batas.

Sa ilalim ng Safety TAP, may 117 na mga aksyon sa kabuuang mga pamahalaan ng Australya, estado at teritoryo ang naiulat na noong panahong 2022-2023.

Napapabilang dito ang mga aksyon na sumusuporta sa pagtutukoy ng mga taong may-kapansanan na nasa panganib ng kapahamakan, isinaalang-alang kung paanong mas mabuting ihanay sa pambansang batas at patakaran, at pinahusay na mga serbisyo at mapagkukunan na sumusuporta sa mga taong nasa panganib.

## Mga layunin

1. **Magtatag ng kakayahang matukoy at makapagresponde sa mga aspeto ng panganib at pananggalang na maghahantong sa taong may- kapansanan na makaranas o posibleng malagay sa panganib ng kapahamakan.**
2. **Tiyakin na ang kasalukuyan at natatanging mga serbisyo ay nagbibigay ng nauugma at katimbang na mga proteksyon para sa mga taong may-kapansanan na nakakaranas ng o maaaring nanganganib sa kapahamakan.**
3. **Palakasin ang disenyo ng lahat ng mga sistema ng serbisyo ng pamahalaan at ang mga suportang ibinibigay nila para sa mga taong may-kapansanan na nanganganib sa kapahamakan.**
4. **Bawasan at tanggalin ang paggamit ng mga mahigpit na kagawian (restrictive practices) sa lahat ng mga sistema ng serbisyo ng pamahalaan.**
5. **Magtatag ng indibidwal na kapasidad at epektibong mga natural na pananggalang (halimbawa: hindi pormal na mga suporta at proteksyon katulad ng koneksyon sa pamilya at komunidad) ng mga taong may-kapansanan.**



# TAP ng Kaligtasan (Safety TAP)

**Table 9: TAP ng Kaligtasan (Safety TAP) – progreso ng mga aksyon ng ayon sa pamahalaan noong 2022-2023**

| Pamahalaan | Nakumpleto | Sumu-sulong | May ilang pagkaantala | Inihinto pan-samantala | Sisimulan sa hinaharap | Kabuuan |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Pamahalaang Australya | 5 | 4 | 8 | 0 | 2 | 19 |
| NSW | 1 | 9 | 7 | 1 | 0 | 18 |
| VIC | 6 | 8 | 0 | 0 | 0 | 14 |
| QLD | 3 | 6 | 4 | 0 | 0 | 13 |
| WA | 5 | 6 | 0 | 0 | 0 | 11 |
| SA | 3 | 7 | 3 | 2 | 0 | 15 |
| TAS | 0 | 6 | 1 | 0 | 0 | 7 |
| ACT | 9 | 4 | 1 | 0 | 0 | 14 |
| NT | 2 | 2 | 1 | 1 | 0 | 6 |
| **Pambansang Kabuuan** | **34** | **52** | **25** | **4** | **2** | **117** |


**Table 10: TAP ng Kaligtasan (Safety TAP) – progreso ng mga aksyon ng ayon sa layunin noong 2022-2023**

| Layunin | Nakumpleto | Sumu-sulong | May ilang pagkaantala | Inihinto pan-samantala | Sisimulan sa hinaharap | Kabuuan |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Layunin 1 | 5 | 7 | 4 | 0 | 1 | 17 |
| Layunin 2 | 10 | 11 | 4 | 0 | 0 | 25 |
| Layunin 3 | 12 | 23 | 11 | 1 | 1 | 48 |
| Layunin 4 | 4 | 10 | 5 | 2 | 0 | 21 |
| Layunin 5 | 3 | 1 | 1 | 1 | 0 | 6 |
| **Pangkalahatan** | **34** | **52** | **25** | **4** | **2** | **117** |


## Gabay: Progreso ng TAP sa Kaligtasan (Safety TAP Progress)

- Nakumpleto
- Sumusulong
- May ilang pagkaantala
- Inihinto pansamantala
- Sisimulan sa hinaharap

**Tsart 9: TAP ng Kaligtasan (Safety TAP) – progreso ng mga aksyon ng ayon sa pamahalaan noong 2022-2023**




**Tsart 10: TAP ng Kaligtasan (Safety TAP) – progreso ng mga aksyon ng ayon sa layunin noong 2022-2023**



# Itinakdang Plano ng Aksyon sa Pangangasiwa ng Emerhensya (Emergency Management Targeted Action Plan)

## Panimula

Ang TAP ng Pangangasiwa ng Emerhensya (Emergency Management TAP) ay nakadisenyong magtulak ng progreso sa ilalim ng Lugar ng Resulta na Kalusugan at Kagalingan (Health and Wellbeing Outcome Area) ng ADS.

Layunin nitong Lugar ng Resulta na tiyaking ang mga taong may-kapansanan ay makakamit ng mga posibleng pinakamahusay na kahinatnan sa kalusugan at kagalingan sa kabuuan ng kanilang mga buhay.

Sa ilalim ng TAP na Pangangasiwa ng Emerhensya (Emergency Management TAP) may 47 na mga aksyon sa kabuuang pamahalaan ng Australya, estado at teritoryo ang iniulat na para sa panahong 2022-2023.

Kabilang dito ang mga aksyon na aktibong paghanap ng balik-puna mula sa mga taong may-kapansanan at ang sektor nito, magrepaso at paghusayin ang mga planong pagresponde sa emerhensya at mga paghahanda upang mas mabuting maisali ang mga taong may-kapansanan at mas mahusay na pagbibigay ng komunikasyon habang may mga emerhensya.

## Mga layunin

1. **Tiyakin ang mga proseso sa pagpaplano sa sakuna/emerhensya para sa pagsasagawa ng mga pagtatasa sa panganib ng sakuna at ang kasunod na pagbuo at pagmentena ng mga plano ng pangangasiwa sa sakuna/emerhensya ay nakakasali ang mga taong may-kapansanan.**
2. **Tiyakin na ang mga kumprehansibong proseso sa pagpaplano sa pangangasiwa ng sakuna/ emerhensya, pagiging handa at pagpanumbalik (recovery) ay sumusuporta sa kalusugan at kagalingan ng mga taong may-kapansanan bago pa, habang at pagkatapos ng mga emerhensya.**



# TAP ng Pangangasiwa ng Emerhensya (Emergency Management TAP)

**Table 11: TAP sa Pangangasiwa ng Emerhensya (Emergency Management TAP) – progreso ng mga aksyon ayon sa pamahalaan ng taong 2022-2023**

| Pamahalaan | Nakumpleto | Sumu-sulong | May ilang pagkaantala | Inihinto pan-samantala | Sisimulan sa hinaharap | Kabuuan |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Pamahalaang Australya | 0 | 10 | 2 | 0 | 0 | 12 |
| NSW | 1 | 2 | 1 | 0 | 0 | 4 |
| VIC | 2 | 2 | 0 | 0 | 0 | 4 |
| QLD | 0 | 3 | 0 | 0 | 0 | 3 |
| WA | 2 | 3 | 0 | 0 | 0 | 5 |
| SA | 1 | 8 | 0 | 0 | 0 | 9 |
| TAS | 1 | 3 | 0 | 0 | 0 | 4 |
| ACT | 2 | 0 | 0 | 0 | 0 | 2 |
| NT | 1 | 3 | 0 | 0 | 0 | 4 |
| **Pambansang Kabuuan** | **10** | **34** | **3** | **0** | **0** | **47** |


**Table 12: TAP sa Pangangasiwa ng Emerhensya (Emergency Management TAP) – progreso ng mga aksyon ayon sa layunin ng taong 2022-2023**

| Layunin | Nakumpleto | Sumu-sulong | May ilang pagkaantala | Inihinto pan-samantala | Sisimulan sa hinaharap | Kabuuan |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Layunin 1 | 6 | 17 | 1 | 0 | 0 | 24 |
| Layunin 2 | 4 | 17 | 2 | 0 | 0 | 23 |
| **Pangkalahatan** | **10** | **34** | **3** | **0** | **0** | **47** |


## Gabay: Progreso ng TAP sa Pangangasiwa ng Emerhensya (Emergency Management TAP Progress)

- Nakumpleto
- Sumusulong
- May ilang pagkaantala
- Inihinto pansamantala
- Sisimulan sa hinaharap

**Tsart 11: TAP sa Pangangasiwa ng Emerhensya (Emergency Management TAP) – progreso ng mga aksyon ayon sa pamahalaan ng taong 2022-2023**




**Tsart 12: TAP sa Pangangasiwa ng Emerhensya (Emergency Management TAP) – progreso ng mga aksyon ayon sa layunin ng taong 2022-2023**



# Mga Aksyon na Pinapagana

**Ang lahat ng mga pamahalaan ay nagtatrabaho sa panahon ng pag-uulat upang lalong maipasulong ang mga aksyon sa loob ng mga TAP.**

**Ang sumusunod na mga seksyon ay nagbibigay ng mga halimbawa sa bawat TAP, at mula sa bawat pamahalaan, sa mga aktibidad na nakakamit at kung paano itong mga aksyon ay nag-aambag sa pagpapahusay ng mga kalalabasan para sa mga taong may-kapansanan.**

# Ang mga Empleyadong may kapansanan sa pampublikong sektor ng Queensland



### Nasasakupan:

Queensland

### Itinakdang Plano ng Aksyon:

Pagkaka-empleyo

### Layunin ng TAP:

1. Pataasin ang pagkaka-empleyo ng mga taong may-kapansanan.

### Aksyon:

1.4 – Ipahatid ang susunod na plano ng Estado sa may-kapansanan sa pakikipagtulungan ng Queensland Working Party, na isinasama ang pokus sa mga pagkakataon ng pagka-empleyo ng mga taong may-kapansanan.

### Tagapaghiwatig:

Naglalaman ang bagong plano ng estado sa may-kapansanan ng pagpokus sa mga pagkakataon sa pagkaka-empleyo ng mga taong may-kapansnan.

- Ang Kabagay ng Mga Taga-Queensland (Proportion of Queenslanders) na may-kapansanan na kalahok sa pagtatrabaho ay tumaas sa parehong mga sektor na pribado at pampubliko sa kabuuang Queensland.

**Katayuan:** Nakumpleto

### Paglalarawan:

Ang **2022-2027 Plano ng May-Kapansanan sa Queensland na Magkakasama, isang mas mahusay na Queensland (Queensland's Disability Plan 2022-27: Together, a better Queensland)** (QDP) ay ipinalabas noong Nobyembre 2022. Ang QDP ay isang kumprehensibong mekanismo upang ipatupad ang mga pangako ng Queensland sa ilalim ng Istratehiya sa May-Kapansnan ng Australya 2021-2031 (Australia's Disability Strategy 2021-2031) (ADS) at kasama sa panukala ang mga taong may-kapansanan.

Ipinagtibay ng QDP ang pitong mga lugar ng resulta ng ADS at isa itong pagtawag upang umaksyon sa lahat ng mga lebel ng pamahalaan, industriya at komunidad upang palawigin ang pangako tungo sa isang ganap (inclusive) na Queensland.


Nangako ang Pamahalaang Queensland sa paghahatid ng mga aksyon nito sa ilalim ng indibidwal na Itinakdang Mga Plano ng Aksyon (Targeted Action Plans) upang paghusayin ang access sa edukasyon, pagka-empleyo, nababagay na pabahay at isang lipunang walang sagabal o mantsa (stigma).

Ginabayan ng QDP ang pagbubuo ng pinapangasiwaang Mga Plano ng Serbisyo sa May-Kapansanan (Disability Service Plans) (DSPs). Ang bawat nangangasiwang Punong Ehekutibo ng Queensland ay mayroong pambatas na tungkulin sa pagbubuo ng isang DSP. Tinatanggap ng QDP na dagdag pa sa pagkakaroon ng kumprehensibong mga lugar ng trabaho at mga tagusan ng serbisyo, ang sektor na hindi-pampamahalaan ay makapagsasalang-alang ng isang plano sa may-kapansanan upang mag-ulat sa mga napagtatagumpayan at sa mga antas ng pagkaka-empleyo ng mga taong may-kapansanan.

Ang isang ulat ng progreso ay ilalathala ng taunan. Tungo sa pagtatapos sa kahabaan ng limang-taon, ang QDP ay tatasahin para sa salpok at epekto.

Nitong Hunyo 2023, nagpunong-abala ang Queensland sa pagpasinaya ng hurisdiksyunal na porum ng Australia's Disability Strategy na pinamagatang **''Together making an inclusive Queensland'**. Ang porum ay isinulong ng ADS at QDP, sa pamamagitan ng pagpanukala ng mga kumperensya na nakapokus sa pagkaka-empleyo at mapabilang sa aksyon, na ang mga dumalo ay mula sa sektor ng may-kapansanan, mas pinalawak na industriya, pamahalaan at komunidad.

# Mga Pagsubok sa Pagkaka-empleyo (Employment Pilots)



## Nasasakupan:

Pamahalaang Australya
Kagawaran ng Mga Serbisyong Sosyal (Department of Social Services)

## Itinakdang Plano ng Aksyon:

Pagkaka-empleyo

## Layunin ng TAP:

1. Paramihin ang pagka-empleyo ng mga taong may-kapansanan.

## Aksyon:

1.8 – Mga Pagsubok sa Pagka-empleyo (Employment pilots) – pag-uugnay ng mga tao na magtrabaho sa mga lugar na kulang sa mga kasanayan.

Makipagsosyuhan sa industriya para masubukan ang mga programa ng pagsubok na makapag-uugnay sa mga kalahok sa Mga Serbisyo sa

Pagkaka-empleyo ng May-Kapansanan (Disability Employment Services) sa mga trabaho doon sa mga sektor na nakakaranas ng kakulangan ng mga kasanayan.

## Tagapaghiwatig:

Ang mga tagapagpahiwatig ay ipapasadya sa bawat sinusubukan (pilot).

## Katayuan: Nasa tamang iskedyul

## Paglalarawan:

Ang Kagawaran ng Mga Serbisyong Sosyal (Department of Social Services) at ang Austrade ay magkatulong na trinabaho ang pagdidisenyo ng isang sinusubukan (pilot) upang masuri ang isang bagong pagharap sa pagpapahusay ng mga kalalabasan ng pagka-empleyo para sa mga taong may-kapansanan. Ang Tourism Local Navigators Pilot ay magbibigay ng nakatira-sa-lugar (place-based) na mga lokal na Nabigador (Navigators) sa mga itinakdang rehiyon para makatulong sa mga maliliit at medium na kalakihang negosyong nasa sektor ng turismo upang i-reporma ang mga kultura sa lugar ng trabaho at mga kagawian sa pag-eempleyo na kasama ang pagbubuo ng kumpiyansa sa mga taga-empleyo upang mag-empleyo ng mga taong may-kapansanan.

- Nag-umpisa ang sinusubukan (pilot) noong pagsisimula ng Hulyo 2023 at magpapatuloy pa sa kahabaang labin-dalawang buwan.
- Mga pagkakaloob ng tulong-sa-pera ng pamahalaan (grants) na ibibigay sa mga Local Navigators para sa 12 na mga tagapagbigay ng serbisyo sa kabuuang 8 mga prayoridad na rehiyon sa pag-eempleyo.

Ang Department of Social Services ay nakipagbakas sa Business Council of Australia (BCA), sa apat nilang mga miyembro ng malalaking taga-empleyo, at ang Australian Network on Disability (AND) upang magdisenyo ng isang susubukan (pilot) na magpopokus sa pagtutulak ng pagbabago sa mga inuugali sa pamamagitan ng pagpapakita ng pamumuno sa komunidad ng negosyo, na maghihikayat sa pinakamalaking taga-empleyo ng Australya na magpokus nang lampas pa sa umpisang-lebel (entry-level) na mga trabaho para sa mga taong may-kapansanan, na magpapakitang ang mga ito ay ligtas na mga lugar para magtrabaho at umunlad sa kanilang mga karera at magtutulak ng pangmatagalang mga resulta sa pagka-empleyo ng mga taong may-kapansanan na may kasamang pagpokus sa pagsulong sa karera at pamumuno sa hinaharap.

- Nag-umpisa ang pilot noong Agosto 2023 at magpapatuloy hanggang Pebrero 2025.
- Pinagkalooban ng tulong-sa-pera ng pamahalaan (grants) ang AND na kasama ang apat na malalaking miyembro na taga-empleyo at ang kanilang mga empleyado na may-kapansanan na magkasamang-idinisenyo ang mga susubukan (pilots) upang matutunan kung paano ang pinakamahusay na paraan ng pagtukoy at paglutas ng mga sagabal na kinakaharap ng mga empleyadong may-kapansanan sa pagpapasulong ng karera .

# Komisyonado ng May-Kapansanan ng Tasmania (Tasmanian Disability Commissioner)



### Nasasakupan:

Tasmania

### Itinakdang Plano ng Aksyon:

Mga Inuugali ng Komunidad (Community Attitudes)

### Layunin ng TAP:

4. Pagpapahusay ng mga inuugali ng komunidad na positibong makaapekto sa Mga Prayoridad ng Patakaran (Policy Priorities) sa ilalim ng ADS.

### Aksyon:

4.1 – Ang pagtatatag ng Tasmanian Disability Commissioner ay gagana upang matiyak na ang mga taong may-kapansanan at ang kanilang mga pamilya ay makakatanggap ng mga kumprehensibo at maa-access na mga suporta at serbisyo na kailangan nila, kabilang yaong mga sinusuportahan sa karaniwang mga serbisyo, sa pamamagitan ng pagpupundar ng $300 000 bawat taon sa kahabaan ng apat na taon mula 2021-2022.

### Tagapaghiwatig:

- Nakumpleto ang pakikipagkonsultasyon sa komunidad ng Tasmania.
- Nakalagay na sa lugar ang balangkas ng pagtatatag sa pasinaya ng Disability Commissioner.

**Katayuan:** May ilang mga pagkaantala

### Paglalarawan:

Ang isang proseso ng pangangalap (recruitment) ay isinagawa noong kahulihan ng 2022 at ang bagong pansamantalang Commissioner na si Mary Mallett ay nag-umpisa sa pagganap noong Enero 2023.

Nakapangako ang Pamahalaang Tasmania sa paglilikha ng isang magkapanabay na batas na ipinagdiriwang ang kalakasan, pagkakaiba-iba at karanasan ng mga taong may-kapansanan ng Tasmania at ito ay inaasahang may bagong Panukalang Batas sa May-Kapansanan (Disability Bill) ang nakahanda para sa konsultasyon sa kalagitnaan hanggang kahulihan ng 2023.

Ang pagtatatag ng pansamantalang Disability Commissioner ay nagbigay ng oras at pagkakataon na nauuna na sa batas para magtatag ng isang Disability Commissioner, na makikipagtrabaho sa iba pang mga opisyal sa batas upang magbuo ng kapasidad at kakayahan na magresolba ng mga reklamo para sa mga taong may-kapansanan.

Ang Pansamantalang Disability Commissioner ay binigyan ng mga kapangyarihan bilang isang Awtorisadong Opisyal (Authorised Officer) sa ilalim ng Disability Services Act 2011 (Tas). Ang isang Awtorisadong Opisyal (Authorised Officer) ay maaaring pumasok sa mga lugar upang:

- matiyak na ang mga taong may kapansanan na nakatira sa o tumatanggap ng natatanging mga serbisyo ng may-kapansanan sa mga lugar ay tumatanggap ng pangangalaga at suporta na kinakailangan o nababagay para sa kanilang kalusugan at kagalingan; o kaya
- matiyak ang kaligtasan ng mga tao.

Ang Interim Disability Commissioner din ay:

- magbibigay ng pamumuno, magtataguyod ng inklusyon, at magpapasulong sa pagkakaroon ng access sa kabuuang mga serbisyo ng Pamahalaan at mga kasalukuyang serbisyo;
- pagpapasulong sa mga karapatan ng mga taong may-kapansanan;
- pagtatatag at pagmamatyag sa mga mekanismo ng pangangalaga na mangangasiwa sa karahasan, pang-aabuso, pagpapabaya at pagsasamantala sa mga taong may-kapansanan; at
- magresponde sa mga paratang ng pang-aabuso, pagpapabaya at pagsasamantala sa mga taong may-kapansanan.

# Naiibang Pag-unlad na workshop ng pagmamagulang



### Nasasakupan:

South Australia

### Itinakdang Plano ng Aksyon:

Kamusmusang Panahon (Early Childhood)

### Layunin ng TAP:

2. Palakasin ang kakayahan at kapasidad ng mga mahahalagang serbisyo at sistema upang masuportahan ang mga magulang at tagapag-alaga na makagawa ng may-alam na pagdidisisyon tungkol sa kanilang anak.

### Aksyon:

2.8 – Ipasulong ang pagbubuo ng isang workshop na partikular para sa mga magulang/ tagapag-alaga na may nakikitirang anak na may-kapansanan - “Developing Differently” (Naiibang Pag-unlad).

### Tagapaghiwatig:

- Ang workshop ay nakumpleto at aprubado.
- Ang pilot ay nakumpleto at iniulat na naipasa na.

**Katayuan:** Nakumpleto

### Paglalarawan:


Natanggap ang balik-puna mula sa mga magulang na dumadalo sa Mga Pamilyang Magkasamang Lumalago (Families Growing Together) (FGT) na mga workshop sa pagmamagulang ang nagtukoy na maraming mga magulang na may nakikitirang anak na may- kapansanan ang naghahanap ng karagdagang suporta. Kaugnay nito, ang pangkat ng FGT ay nagbuo ng isang natatanging workshop na nagsasangguni ng impormasyon mula sa Parenting SA Parent Easy Guides (PEGs) – ‘Children with a disability’ at ang ‘Developmental delay’.

Ang bagong workshop ay nagbibigay ng isang pangkalahatang ideya ng karaniwang pag-unlad, mga “babala” sa pag-unlad (developmental “red flags”), ano ang dapat na matyagan, at mga praktikal na istratehiya para sa pagmamagulang sa isang anak na may-kapansanan. Gamit ang Social Model of Disability, ang workshop ay nakabatay sa paraan ng bagong pagtanaw, pag-iisip, paggawa at pagiging tao sa pamamagitan ng pagbibigay ng espasyo sa mga magulang na magkasama-samang mag-usap, na magkasamang matuto at magmuni-muni sa kanilang mga karanasan.

Nireresolba ng mga magulang tungo sa isang bagong direksyon at isang bagong pakikiramdam sa pamamagitan ng mga video, aktibidad at pag-uusap ng grupo. Sa pagtatapos ng workshop, nagkukumpleto ang mga magulang ng isang planong aksyon sa pagmamagulang na kabilang ang pagtutukoy sa isang ugnayang pangsuporta.

Ang balik-puna mula sa mga magulang na dumadalo sa pilot workshop ay napakalaking positibo at ang ‘Developing Differently’ na workshop sa pagmamagulang sa ngayon ay iaalok sa kabuuang estado para sa mga magulang na doon dumalo sa kanilang mga lokal na komunidad.

# Ang programang Sentro ng Aborihinal na Anak at Pamilya (Aboriginal Child and Family Centre) (ACFC)



## Nasasakupan:

New South Wales

## Itinakdang Plano ng Aksyon:

Kamusmusang Panahon (Early Childhood)

## Layunin ng TAP:

3. Naghihikayat ng mas malakas na pakiramdam ng pagiging kabilang at magbigay ng mga pagkakataon para sa mga magulang, tagapag-alaga at mga anak na magtatag ng mga ugnayan ng magkagrupo (peer network), kabilang ang Aborihinal at taga-islang Torres Strait at mula sa nagkakaibat-ibang kinagisnang kultura at wika na mga magulang at tagapag-alaga.

## Aksyon:

3.1 – Pagpapalaki sa kapasidad ng NSW Aboriginal Child and Family Centres (ACFC) sa pagbibigay ng de-kalidad na edukasyon sa kamusmusang panahon (early childhood) at mga pinagsama-samang serbisyo sa kalusugan at pamilya para sa mga batang Aborihinal, mga pamilya at mga komunidad.

Sinusuportahan ng ACFCs ang mga batang Aborihinal na makamit ang mga mahalagang punto ng pag-unlad (developmental milestone) at paghusayin ang access para sa hanay ng mga serbisyong de-kalidad sa isang pangkultural na ligtas na kapaligiran.

## Tagapaghiwatig:

Taunang pag-uulat:

- Tumaas ang mga pumapasok at tagumpay sa paaralan.
- Mas mababa ang mga bilang ng batang Aborihinal na pumapasok sa sistema ng proteksyon sa bata.
- Napahusay na kalusugan ng mga bata at kabataang-edad ng Aborihinal.

**Katayuan:** Nasa tamang iskedyul

## Paglalarawan:

Ang Brighter Beginnings ay isang kabuuan ng pamahalaan (whole-of-government) na inisyatiba na nakapokus sa pagpapahusay ng mga resulta para sa mga bata at kanilang pamilya ng NSW sa nauunang mga 2000 araw, mula sa paglilihi hanggang sa edad na nag-eeskwela.

Ang pagpapalago ng Aboriginal Child and Family Centre (ACFC) na programa ay isang inisyatiba ng Brighter Beginnings.

Kabilang sa pagpopondo upang palawakin ang programa ng ACFC ay:

- $42 milyon para maipatayo ang anim na bagong ACFC sa pagitan ng 2024 at 2027,
- $22.5 milyon upang i-upgrade ang siyam na nakatayo ng mga sentro sa Ballina, Brewarrina, Gunnedah, Lightening Ridge, Minto, Mount Druitt, Nowra, Toronto at Doonside sa pagitan ng 2024 at 2027
- $1milyon bawat sentro, bawat taon para sa mga gastos sa pagpapatakbo (ang dati ay $535,000).

Layunin ng Brighter Beginnings na matiyak ang 67 na porsiyento ng mga bata sa NSW ay nasa tamang iskedyul kumpara sa limang Australian Early Development Census (AEDC) na mga domain pagsapit ng 2027 at sinusuportahan ang NSW na lampasan ang target sa Closing the Gap na 55 porsiyento ng mga batang Aborihinal at taga-islang Torres Strait ay nasa tamang iskedyul kumpara sa limang mga domain ng AEDC pagsapit ng 2031.

# Suporta sa Pag-uugali at pagbawas at pag-aalis ng mga mahigpit na pagsasaway

### Nasasakupan:

Komisyon ng NDIS sa Kalidad at Mga Pananggalang ng Pamahalaang Australia (Australian Government NDIS Quality and Safeguards Commission)

### Itinakdang Plano ng Aksyon:

Kaligtasan

### Layunin ng TAP:

4. Mabawasan at alisin ang paggamit ng mahigpit na pagsasaway (restrictive practices) sa lahat ng mga sistema ng serbisyo ng pamahalaan.

### Aksyon:

4.4 – Dagdag na mga pagsisikap upang ipagpatuloy ang pagtuturo at magtatag ng kapasidad sa sektor ng may-kapansanan at sektor ng komunidad sa pagsuporta ng pag-uugali at pagbawas at pag-aalis ng mga mahigpit na pagsasaway.

### Tagapaghiwatig:

Mga Tagapagpahiwatig sa Output (produksyon)

- Pagbawas sa paggamit ng mahigpit na pagsasaway sa paglipas ng panahon.

Mga Tagapagpahiwatig ng Pagkaepektibo at Episyente

- Ang edukasyon at mga gamit sa pagpapalago ng kapasidad na epektibong mapapataasan ang pagiging alam (awareness) at kapasidad ng sektor ng may-kapansanan, mga pangkalahatang sistema at ng komunidad upang alisin ang mahigpit na pagsasaway (restrictive practices).

### Katayuan: Nasa tamang iskedyul

### Paglalarawan:

Noong kapanahunan ng pag-uulat, ang NDIS Commission ay patuloy na tinuturuan ang sektor gamit ang sari-saring mga paraan. Nakabilang dito ang:

- 659 na mga pakikipag-ugnayang aktibidad katulad ng pakikipagpulong sa indibidwal na mga tagapagbigay ng serbisyo, mga grupong pag-workshop, mga komunidad na pagpraktis, ugnayang kooperatiba na mga pagpupulong at mga sesyong edukesyonal na isinagawa kapartner ang iba pang mga ahensya tulad ng NDIA, NDS, TAFE, mga pangkomunidad na samahan (peak bodies), at mga samahang awtorisasyon (authorisation bodies) ng estado at teritoryo. Saklaw ng pakikipag-ugnayan ang hanay ng mga problema na pinangangasiwaan ang mga kinakailangan sa batas, ang kalidad ng mga planong pangsuporta sa pag-uugali, at pagbabawas at pag-aalis ng mga mahigpit na pagsasaway (restrictive practices).
- Pag-uugnayan sa mga unibersidad upang suportahan ang mga kursong Positive Behaviour Support sa Unibersidad ng Queensland, Flinders University, Curtin University, Monash University at ang Universidad ng Melbourne.
- Pagbubuo ng mga mapagkukunan ng praktis na kaugnay sa suporta sa pag-uugali (behaviour support), mga mahigpit na pagsasaway (restrictive practices) at mga obligasyon sa ilalim ng Batas ng NDIS (NDIS Act) kabilang ang:
  - Mga gabay sa praktis na nauukol sa pagtutukoy at pangangasiwa ng mga problema sa paggagawa na may kinalaman sa mahigpit na pagsasaway (restrictive practices) (hal: Surveillance Technology Practice Guide, Revised Safe Transportation Guide).
  - Kasamang dinisenyo ang limang katunayang pahina ng kalahok (participant fact sheets) tungkol sa suporta sa pag-uugali (behaviour support), na makukuha dito: Participant Fact Sheets for Behaviour Support | NDIS Quality and Safeguards Commission (ndiscommission.gov.au).
  - 'Behaviour Support Plan Checklists' na nagbabalangkas ng magagandang praktis at ang mga kondisyon ng pagrerehistro na nauukol sa mga tagapagdulot ng serbisyong specialist behaviour support nang binubuo ang mga plano sa suporta sa pag-uugali.
- Paglathala ng mga mapagkukunan kabilang ang:
  - Evidence Matters | NDIS Quality and Safeguards Commission, Isang koleksyon ng batay-sa-ebidensya na mga mapagkukunan para sa mga tagapagbigay ng serbisyo, kalahok at ang kanilang mga tagasuporta upang paghusayin ang praktis sa suporta sa pag-uugali (behaviour support) at bawasan ang mga restrictive practice
  - Medicines for health, not control | NDIS Quality and Safeguards Commission, isang sentralisadong koleksyon ng mga mapagkukunan sa praktis at mga gamit para sa mga tagapagbigay ng serbisyo, kalahok at ang kanilang mga tagasuporta upang bawasan at alisin ang paggamit ng mga mahigpit na pagsasaway (restrictive practice).

Ang Komisyon ng NDIS (NDIS Commission) ay naglathala ng 15 mga Practice Alert na nagbibigay ng gabay sa pinakamahusay na kagawian para sa mga tagapagbigay ng serbisyo sa may-kapansanan sa pagtutukoy at pagresponde sa mga panganib, ay makukuha sa: Practice Alerts | NDIS Quality and Safeguards Commission (ndiscommission.gov.au)

Ang seksyon ng Practice Quality and Clinical Advisory ay nangasiwa ng apat na pinangangasiwaang mga grant, nauukol sa pagpapalago sa kalidad ng mga serbisyo sa suporta sa pag-uugali (behaviour support) sa loob ng sektor.

Dagdag pa, tatlong on-line na mga masterclass ang ginanap para sa mga tagapagbigay ng serbisyo sa may-kapansanan. Itong mga masterclass ay nasa mga paksang medisina para sa kalusugan, hindi pagkontrol, panganib sa istilo ng pamumuhay at kumprehensibong pagtatasa ng kalusugan at pamamahala ng epilepsy.

# Mga Pagpupulong sa Pangangasiwa ng Emerhensya (Emergency Management Meetings) na maging kasamang mapabilang ang mga tagapagbigay ng serbisyo sa may-kapansanan



## Nasasakupan:

Northern Territory
Police, Fire at ang Emergency Services

## Itinakdang Plano ng Aksyon:

Pangangasiwa ng Emerhensya (Emergency Management)

## Layunin ng TAP:

1. Tiyakin na ang mga proseso sa pagpaplano ng sakuna/emerhensya para sa pagsasagawa ng mga pagtatasa ng panganib sa sakuna at ang kasunod na pagbubuo at pagmementena ng mga plano ng pangangasiwa sa sakuna/emerhensya ay kasamang napapabilang ang mga taong may-kapansanan.

## Aksyon:

1.2 – Mga Pagpupulong ng Pangangasiwa sa Emerhensya ng Kooperatiba/Sektor na kasamang napapabilang ang mga tagapagbigay ng serbisyo sa may-kapansanan.

Ang Pangkat ng Pagpapalago ng May-Kapansanan (Disability Development Team) na nasa loob ng Department of Territory Families, Housing and Communities ay sumusuporta sa Seksyon ng Hustisya sa Kabataan (Youth Justice Division); kamag-anakan (kinship) at mga tagapagbigay ng pangangalaga (foster carer) at mga Territory Families Clients na may diyagnosis na o sinuspetsang may-kapansanan o atrasado sa kalinangan.

## Tagapaghiwatig:

- May malaking representasyon sa ugnayang kooperatiba ang sektor ng may-kapansanan at mga taong may tunay-na-buhay na naging karanasan sa pagkamay-kapansanan sa pamamagitan ng pakikilahok sa mga Pagpupulong sa Pamamahala ng Insidente (Incident Management Meetings), mga Pagpupulong ng Kapakanang Grupo (Welfare Group Meetings), mga Kumperensya ng Sektor ng Kapakanang Grupo (Welfare Group Sector Briefings).
- Ang mga taong may tunay-na-buhay na naging karanasan sa pagkamay-kapansanan, mga tagapag-alaga, tagapagbantay ay nabigyang kaalaman at nag-a-access sa tamang oras na impormasyon habang nasa mga yugto ng pagpaplano at paghahanda sa pangangasiwa ng sakuna/emerhensya

**Katayuan:** Nasa tamang iskedyul

## Paglalarawan:

Ang nangungunang mga ahensya sa pagresponde sa mga tukoy na mga panganib (mga emerhensya) ay nakadetalye sa Territory Emergency Plan, na pinangungunahan ng Department of Chief Minister at Cabinet (DCMC). Ang Hazard Management Authority (HMA) ay ang NTG agency na may katungkulan sa pagkokoordinasyon at paghahanda ng mga plano at mga kakayahan sa pagresponde sa isang tiyak na panganib. Ang pagreresponde sa mga pangangailangan ng mataas-ang-peligro (high-risk) na mga idibidwal sa isang emerhensya ay isang magkakabahagiang responsibilidad (shared responsibility) sa kabuuang komunidad, mga tagapagbigay ng serbisyo at mga sektor ng pamahalaan.

Ang NT Emergency Services ay nagbibigay ng libreng mga pampublikong pagtatagubilin tungkol sa kung paano maghahanda, magresponde at makabawi (recover) sa mga tukoy na panganib at pinangangasiwaan sa pamamagitan ng aming Community Engagement Unit para magbigay ng payo na kung paanong ang lubusan at pinag-isipang mabuti na pagpaplano at paghahanda ay nakapagpapabawas sa panganib ng isang tao sakaling may nangyayaring isang kaganapan.

Ang Public Information Group (PIG), na pinangungunahan ng DCMC ay nagpapatiyak ng nasa tamang oras, tumpak at magkakaugmang pagpalabas ng pampublikong impormasyon sa oras na may banta o emerhensya sa pakikipagtulungan sa mga korporasyong pag-aari ng pamahalaan at alinmang kapartner na mga organisasyon o mga mahalagang kasosyo.

Ang isang mahalagang tungkulin ng PIG ay ang manguna sa pagbubuo at pagpapalabas ng lahat na mga pampublikong mensahe ng NTG habang nagreresponde at nagrerekober; maaaring kabilang dito ang koordinasyon ng mga interpreter ng Australian Sign Language (AUSLAN) para sa pampublikong mensahe at mga isinalinwikang materyal na ilalabas sa telebisyon. Ina-update sa kasalukuyan ng PIG ang koleksyon ng mga mensahe sa wika upang ihanay sa bagong Australian Warning System.

# Inisyatiba ng Pagresponde sa Krisis ng Karahasan sa Pamilya ng May-Kapansanan (Disability Family Violence Crisis Response Initiative)



### Nasasakupan:

Victoria

### Itinakdang Plano ng Aksyon:

Kaligtasan

### Layunin ng TAP:

3. Palakasin ang disenyo ng lahat ng mga sistema ng serbisyo ng pamahalaan at ang mga suportang ibinibigay nito sa mga taong may-kapansanan na nasa panganib ng kapahamakan.

### Aksyon:

3.3 – Inisyatiba ng Pagresponde sa Krisis ng Karahasan sa Pamilya ng May-Kapansanan (Disability Family Violence Crisis Response Initiative) – Itong inisyatiba ay magbibigay ng pamagitang pagpopondo para sa mga taong may-kapansanan na tumatakas sa karahasan sa pamilya at magpopondo sa posisyon ng Disability Family Violence Crisis Response Coordinator.

### Tagapaghiwatig:

Nasuportahan ang dami ng mga kliyente, at ang pamagitang pondo ay saradong-kwentado na (acquitted).

### Katayuan: ■ Nakumpleto

### Paglalarawan:

Ang Disability Family Violence Crisis Response Initiative ay nakapagbigay ng dagliang praktikal na tulong sa mahigit 250 na biktimang nakaligtas sa may-kapansanang nasa krisis. Nagkapag-access ang mga biktimang nakaligtas sa mahigit na $100,000 na mga suportang nauukol sa may-kapansanan upang manatiling ligtas at/o makalayo sa karahasan sa pamilya. Nakasama dito ang pagpopondo para sa mga pampersonal na suportang manggagawa at mga tagapag-alaga, perang-tulong sa may-kapansanan, mga teknolohiyang pantulong at mga opsyon sa naa-access ng pangtransportasyon.

Itong inisyatiba ay nakasuporta din sa mga propesyonal sa karahasan sa pamilya at iba pang pangkaraniwang mga propesyonal para magbigay ng mas pasadya at epektibong suporta sa mga may-kapansanang biktimang nakaligtas sa pamamagitan ng serbisyo ng sekundaryong pagkokunsulta. Itong serbisyo ay nagbibigay ng payo sa pagpaplano ng kaligtasan, mga natatanging pangangailangan ng may-kapansanan, at mga pagsasangguni sa iba pang mga espesyalistang serbisyong pangsuporta sa may-kapansanan.

Dagdag pa rito, ang pagpopondo ay ibinigay na nakalaan sa isang Disability Response Coordinator, para magbigay kakayahan sa sektor at pagtawag-pansin sa pamamagitan ng paghahatid ng mga sesyon sa impormasyon at mga presentasyon sa may-kapansanan at ukol-sa-may-kapansanan na karahasan sa pamilya sa ibat-ibang mga organisasyon na may kontak sa o sumusuporta sa mga biktimang nakaligtas na nabubuhay ng may-kapansanan.

Ang programang DLO ay sumusuporta din sa paghahatid ng Victorian Autism Plan, at ang 10 Taon na Mental Health Plan.

# Madaling lapitan na Kanlungan Tirahan at Suporta (Accessible Refuge Accommodation and Support)



## Nasasakupan:

Western Australia

## Itinakdang Plano ng Aksyon:

Kaligtasan

## Layunin ng TAP:

3. Palakasin ang disenyo ng lahat ng mga sistema sa serbisyo ng pamahalaan at ang mga suportang ibinibigay nito para sa mga taong may-kapansanan na nasa panganib ng kapahamakan.

## Aksyon:

3.1 – Madaling lapitan na Kanlungan Tirahan at Suporta

## Tagapaghiwatig:

Pagpapatupad ng programa

**Katayuan:** Nakumpleto

## Paglalarawan:

Ang dalawang bagong mga kanlungan ng karahasan sa tahanan at pamilya na binuksan sa rehiyon ng Kwinana at Peel noong Disyembre 2020. Ang kanlungan sa rehiyon ng Peel, Warlang Bidi, ay ang unang nakapokus sa pagpapagaling na pambabaeng kanlungan at nakabatay sa isang proseso ng masinsinang kasamang-dinesenyo na kinasasangkutan ng kababaihang may tunay-na-buhay na dinanas na karanasan. Nagbibigay ito ng natatangi, nakasentro-sa-tao na mga pagresponde sa mga kababaihan na may taglay ding kapansanan, mga alalahanin sa kalusugan sa pag-iisip at/o kapahamakan dulot ng alak at iba pang mga bawal na gamot.

Ang pambabaeng kanlungan na Andrea Mia sa Kwinana ay naghahatid ng napakamahalagang may-krisis na tirahan at serbisyong pangsuporta at dinesenyo ito para madaling malapitan ng lahat ng mga kababaihan, kabilang ang mga babaeng may-kapansanan.

Mula Disyembre 2021 hanggang sa kasalukuyan, ang Warlang Bidi ay sumuporta sa limang kababaihang may-kapansanan at ang Andrea Mia ay sumuporta sa tatlong kababihang may-kapansanan kabilang ang isang anak. Sa pag-access sa mga kanlungan ito, ang mga kababaihan ay walang ginamit na tagapag-alaga.

# Ang Programang Pamamagitan ng ACT (ACT Intermediary Program)



### Nasasakupan:

Australian Capital Territory

### Itinakdang Plano ng Aksyon:

Kaligtasan

### Layunin ng TAP:

3. Palakasin ang disenyo ng lahat ng mga sistema sa serbisyo ng pamahalaan at ang mga suportang ibinibigay nito para sa mga taong may-kapansanan na nasa panganib ng kapahamakan

### Aksyon:

3.6 Programang Pamamagitan

### Tagapaghiwatig:

Ang Programang Pamamagitan ay patuloy na gumagana.

**Katayuan:** Nakumpleto

### Paglalarawan:

Ang Pamamagitang Programa ng ACT ay patuloy na nagbibigay ng mga pamamagitan sa mga panayam ng pulisya, mga kaso sa hukuman at sa mga pakikipag-ugnayan sa mga propesyonal ng batas sa kabuuang ACT. Hanggang sa ika-14 ng Hunyo 2023, ang Pamamagitang Programa ng ACT ay tumanggap ng 787 na mga pagsangguni mula sa ACT Policing, 129 na mga pakisuyo mula sa Mga Hukumang ACT (ACT Courts) (Kataas-taasan at Mga Mahistrado (Supreme and Magistrates) at sa 14 na mga pakisuyo mula sa mga propesyonal sa batas, nangingibabaw ang Legal Aid.

Tinatayang 57% sa lahat na pagsasangguning natanggap ng Programa ay kinasasangkutan ng isang saksi na mayroong karagdagang mga kahirapan sa komunikasyon bukod pa sa edad. Kabilang dito ang mga problemang tulad ng kapansanan sa pinag-aralan, sakit na autism spectrum, mga kapansanan sa pagbibigay-malay (cognitive impairments), mga pagkaantala sa wika (language delays), mga kapansanan sa katawan (physical disabilities), mga problema sa kalusugan ng pag-iisip (mental health issues) at trauma.

Sa pamamagitan ng pagsasagawa ng pagtatasa sa komunikasyon, ang mga namamagitan na may nauukol na kadalubhasaan ay nagbibigay ng pasadyang mga rekomendasyon sa pulisya, hukuman at mga propesyonal sa batas tungkol sa pinakamagaling na istratehiya sa pakikipag-ugnayan at kasunod na pagbibigay ng pinakamahusay na ebidensya.

Patuloy ang Programa sa pagtutugma ng lahat na mga pangsangguning natatanggap (100%) na may naangkop na bihasang tagapamagitan.

# Programang Kasamang Kabilang ang May-Kapansanan sa Pagbabawas ng Panganib sa Sakuna (Disability Inclusive Disaster Risk Reduction program)



## Nasasakupan:

Ahensya ng Pambansang Pangangasiwa ng Emerhensya ng Pamahalaang Australya (Australian Government National Emergency Management Agency)

## Itinakdang Plano ng Aksyon:

Pangangasiwa ng Emerhensya (Emergency Management)

## Layunin ng TAP:

2. Tiyakin na kasamang napapabilang sa mga proseso sa pagpaplano ng sakuna/pangangasiwa ng emerhensya, kahandaan at pagrerekober ay sumusuporta sa kalusugan at kagalingan ng mga taong may-kapansanan bago pa mangyari, habang nangyayari at matapos ang mga emerhensya.

## Aksyon:

2.5 Ang National Emergency Management Agency na isinama ang dating National Recovery and Resilience Agency ay isasamang mag-uulat tungkol sa mga puwang sa mapagkukunan (resource gaps) at hindi natugunang mga pangangailangan ng mga taong may-kapansanan sa mga inisyatibang pagrerekober at pagbawas ng panganib sa pamamagitan ng gumagana nang mga proseso sa negosyo ng Ahensya.

## Tagapaghiwatig:

Ang tungkol sa mga puwang sa mapagkukunan (resource gaps) at hindi natugunang mga pangangailangan ng mga taong may-kapansanan sa mga inisyatibang pagrerekober at pagbawas ng panganib ay iniuulat sa National Emergency Management Agency (isinasama ang dating National Recovery and Resilience Agency) na mga lugar ng negosyo.

**Katayuan:** Nasa tamang iskedyul

## Paglalarawan:

Ang Tranche 1 ng Disability Inclusive Disaster Risk Reduction programa ay nakumpleto na ngayon, na dating isang National Scoping Study na isinasagawa ng University of Sydney's Centre for Disability Research.

Ang Scoping Study ay isang kumprehensibong pag-aanalisa ng kasalukuyang kasamang kabilang sa mga pambansang pagpaplano sa pangangasiwa ng emerhensya. Nagbibigay ito ng isang pamantayang panukat para tasahin kung paano tayo kasang-ayon sa kabuuang bansa pagdating sa Disability Inclusive DRR.

Kabilang sa Pananaliksik (Study) ang pag-aanalisa ng DIDRR na nirepaso-ng-kasamang grupo (peer-reviewed) na pananaliksik na nagpalabas ng "Gap Maps" ng magkaparehong ebidensya at mga mapagkukunan, isang paggagalugad sa representasyon ng may-kapansanan sa Emergency Management Arrangements, at ang pagtutukoy sa "good practices" ng DIDRR sa ngayon.

Tinutukoy sa Study ang tatlong mga prayoridad na mga lugar para aksyunan:

1. Mga planong inklusibo na nagtutukoy sa mga serbisyo at mga pag-aaring mapapakilos agad para sa mga taong may-kapansanan sa mga panahon ng emerhensya;
2. Impormasyong inklusibo na maa-access ng lahat; mga proseso ng komunikasyon at mga gamit (tools) ay kinakailangang marepaso na may pakikipagtulungan sa mga taong may-kapansanan;
3. A mga inklusibong mga ginagawi (practices) na magsusulong sa pagpapasadya ng suporta at pakikipagtulungan sa kabuuang mga sektor at mabawasan ang mga hadlang para sa mga taong may-kapansanan.

Ipagbibigay alam nitong Study ang susunod na trabaho sa Tranche sa loob ng DIDRR na programa, na tinatanaw ng NEMA na maisusulong na sa pinakanalalapit na hinaharap.

# Pangkalahatang ideya ng progreso simula noong ika-3 ng Disyembre 2021

Magmula ng inilunsad ang ADS, nagkaroon ng pangkalahatang positibong progreso tungo sa mga pagpapatupad na mga aksyon. Ang karamihang nasasakupan ay tumaas ang bilang sa mga nakumpletong mga aksyon noong 2022-2023 na panahon ng pag-uulat.

Ang pangkalahatang progresong nagawa sa lahat ng 417 na mga TAP ay nagpapakita na:

- **353 (85%)** na mga aksyon ay naiulat bilang nakumpleto o kaya ay nasa tamang iskedyul, kasama ang:
  - **144 (35%) na mga aksyon ay nakumpleto, at**
  - **209 (50%) na mga askyon ay nasa tamang iskedyul**
- **63 (15%)** na mga aksyon ay naiulat na dumaranas ng ilang mga pagka-antala, na ipinahinto pansamantala o kaya nagkaroon ng panimulang petsa sa hinaharap.

**Table 13: Ang progreso ng TAP sa lahat ng mga aksyon na ayon sa pamahalaan at ang katayuan para sa kapanahunang 2021-2023**

| Pamahalaan | Nakumpleto | Sumu-sulong | May ilang pagkaantala | Inihinto pan-samantala | Sisimulan sa hinaharap | Kabuuan |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Pamahalaang Australya | 17 | 23 | 16 | 1 | 2 | 59 |
| NSW | 6 | 25 | 12 | 3 | 0 | 46 |
| VIC | 18 | 30 | 2 | 0 | 0 | 50 |
| QLD | 23 | 28 | 4 | 0 | 0 | 55 |
| WA | 10 | 20 | 1 | 0 | 0 | 31 |
| SA | 28 | 31 | 7 | 2 | 1 | 69 |
| TAS | 8 | 13 | 8 | 0 | 0 | 29 |
| ACT | 25 | 12 | 3 | 0 | 0 | 40 |
| NT | 9 | 27 | 1 | 1 | 0 | 38 |
| **Kabuuan** | **144** | **209** | **54** | **7** | **3** | **417** |

**Table 14: Ang progreso ng TAP sa lahat ng mga aksyon na ayon sa TAP at ang katayuan para sa kapanahunang 2021-2023**


| TAP | Nakumpleto | Sumu-sulong | May ilang pagkaantala | Inihinto pan-samantala | Sisimulan sa hinaharap | Kabuuan |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Pagkaka-empleyo | 27 | 47 | 9 | 0 | 0 | 83 |
| Mga Inuugali ng Komunidad | 25 | 33 | 10 | 0 | 0 | 68 |
| Kamusmusang Panahon | 22 | 43 | 7 | 3 | 1 | 76 |
| Kaligtasan | 49 | 52 | 25 | 4 | 2 | 132 |
| Pangangasiwa ng Emerhensya | 21 | 34 | 3 | 0 | 0 | 58 |
| **Kabuuan** | **144** | **209** | **54** | **7** | **3** | **417** |
| **Porsyento** | **35%** | **50%** | **13%** | **2%** | **1%** | |

Tandaan: Ang mga porsiyento ay hindi magsusuma total ng 100 dahil sa pagbubuo ng kwenta(rounding).


## Gabay: Progreso ng Pambansang TAP 2021-2023 (National TAP Progress 2021–2023)

- Nakumpleto
- Sumusulong
- May ilang pagkaantala
- Inihinto pansamantala
- Sisimulan sa hinaharap

**Tsart 13: Ang progreso ng TAP sa lahat ng mga aksyon na ayon sa pamahalaan at ang katayuan para sa kapanahunang 2021-2023**




**Tsart 14: Ang progreso ng TAP sa lahat ng mga aksyon na ayon sa TAP at ang katayuan para sa kapanahunang 2021-2023**



**Australia's Disability Strategy** 2021–2031

Creating an inclusive community together

Design: Dreamtime Creative

DSS3047.09.23